


# 18 Patent lawyer

Ang patent lawyer ay may dalubhasang kaalaman, sila ang kahalili ng imbentor na mag-ayos ng mga papeles sa pagpaparehistro ng patent, utility model, disenyo at trademark ng produkto. Mula sa pagpapalista sa patent office hanggang sa pagpaparehistro, hanggang sa expiration rights, sa lahat ng proseso, ang patent lawyer ang representante.

Sa panahon ng economic globalization, ang problemang may kaugnayan sa patent ng mga ari-arian ay kumakalat na rin sa mundo. Ang pagkakaroon ng patent lawyer na nakakaintindi ng banyagang salita ay mahalaga.

## Para maging isang patent lawyer



### <Maagang preparasyon>

Mahirap ang pagsusulit ng pagiging isang patent lawyer. Kinakailangan sanayin ang sarili sa pag-aaral. Bukod dito, kailangan din ang malawak na kaalaman sa patent science. At kailangan din ang malawak na kaalaman sa mga legalidad.

### <kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Maaring magtrabaho sa mga patent office at sa patent department ng mga kompanya. Maaring magtayo ng sariling opisina. Ang halaga ng suweldo ay depende sa lugar ng pinapasukan. Ang average na suweldo ay mahigit 5,000,000 yen kada taon.

### <Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit sa 2,400,000 yen (4 taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon). Sa Junior College aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon ) ang gagastusin.